# KWARESMA: ANG PAGPAPANIBAGO SA PAGDADALA NG ATING KRUS

A Lord's Flock Worship Topic
Ni: Fr. Eduardo Mayo, OFMCap
Pebrero 21, 2026

Madalas nagpupunta tayo sa simbahan para maghanap ng kaginhawaan at kasiyahan sa dala-dala nating krus. Bagamat inaanyayahan tayo ng kwaresma na yakapin ang krus, ang orihinal na pananampalataya ng Kristyano at ang kapangyarihan ng Diyos ay mahalaga.




**1. Ang Simbolo ng Krus**

1.1. Ipinahayag ni St. Paul na ang mensahe ng krus ay isang kalokohan sa mga taong namamatay, samantala ito ay isang kapangyarihan ng Diyos sa mga nailigtas. (1 Cor 1:18, 22-25).

1.2. Ang sentro ng pananalig ng mga unang Kristyano ay ang muling pagkabuhay ni Kristo, at ugat ng kanilang matiyagang pag-uugali laban sa kahirapan. Alam na alam nila kung ano ang kanilang makukuha: pananalig sa gitna ng kahirapan, pagbibigay ng lakas ng loob sa pagharap sa kahirapan at pagpapakita ng positibong pag-uugali sa gitna ng paghihirap.

1.3. Ito ang dahilan kung bakit matatag ang ating pananalig, at matapang tayong humaharap sa mga pagsubok sa buhay, dahil sigurado tayo na muling nabuhay si Kristo at alam natin na walang makapaghihiwalay sa atin sa pagmamahal ni Kristo.

1.4. Si Kristo ang karunungan ng Diyos para sa atin; Siya ang ating kabanalan at pagtubos (1 Cor 1:28-30). Walang magandang mangyayari sa atin kung hindi nagmumula sa hugis ng krus ni Kristo. Kaya naman, hindi tayo takot pasukin ang ating krus dahil sa pamamamagitan lamang ng krus makapapasok tayo sa sarili nating Pasko ng Pagkabuhay.

**2. Metanoia (Pagbabagong Anyo ng Isip) at Metakardia (Pagbabagong Anyo ng Puso)**

2.1. Isinalaysay ni St. Francis ng Assisi paano ang kapangyarihan ng pagbabagong anyo ng Diyos na mapalitan ang pangit niyang pagtingin sa mga ketongin na nagawa na niyang yakapin ang mga ito. Bago ang kanyang kamatayan, binalikan niya ang kanyang karanasan ng pagpapanibago at kinilala niya na ang Diyos ang gumabay sa kanya.

2.2. Ang pagbabagong loob ay dahil sa grasya ng Diyos. Ang paggawa ng penitensiya ay pagpasok sa pagbabagong loob – ibalik si Kristo sa dapat Niyang kinalalagyan sa ating buhay. Ang pagbabagong loob ay pagyakap sa mga "negatibo."

2.3. Ginagabayan tayo ng Diyos para harapin at kausapin ang mga taong kina-iinisan natin, na makita sila sa gabay ng pag-ibig ng Diyos.

2.3.1. Ang tunay na pag-ibig ay hindi tayo ginagawang secure ngunit ginagawa tayong mahina. Ito ay hindi dahil sa kaligtasan, kundi kagustuhang magtiis sa panganib para sa ating mahal sa buhay.

2.3.2. Ang pag-ibig ay hindi dahil sa pagtanggap ng mga biyaya. Ito ay kahandaan na magsakripisyo para sa taong minamahal.

2.3.3. Ang pag-ibig ay hindi dahil sa mga nakukuha, ngunit sa kagustuhang magbigay.

**3. Kwaresma: Paanyaya na Dalhin ang Ating Krus.** Ang krus ay isang imbitasyon para malaman ang ating limitasyon at paano ito malalampasan. Kaya, inaanyayahan tayo na maki-isa sa tatlong (3) pillars ng kuwaresma:

3.1. <u>Pananalangin</u> – magpukos kay Kristo

3.2. <u>Fasting and Abstinence</u> – kumawala sa sobrang kasiyahan sa buhay

3.3. <u>Paglilimos</u>– maging biyaya sa kapwa

**Konklusyon**: Maaaring mapanghamon ang buhay, ngunit, ang buhay ay may saysay. Nililinis tayo ng ating paghihirap at nakakamukha natin si Hesus. Inaanyayahan tayo ng kwaresma na yakapin ang ating krus at huwag itong katakutan; ang krus ay ating pagkamatuwid at ating kabanalan. **Pagninilay:** Anong krus sa buhay mo ang mabigat dalhin? Ano ang dapat mong gawin ngayong panahon ng Kwaresma para mayakap mo ang krus ni Kristo?

**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-edit ni: Vera Tuplano
Tags: #Kwaresma #Krus #Pagsubok#Layunin
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.youtube.com/watch?v=gK9KvI0g1G8